# PANANAW, KARANASAN, AT GAWI SA PAKIKIPAGATALIK: MGA KWENTO NG APAT NA MAG-ASAWA NA MAYROONG MASAYANG BUHAY-PAGTATALIK

CHERRELYN M. DE GUZMAN

Di-gradwadong tesina na ipanasa sa Kaguruan ng Departemento

ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Sining at Agham,

Central Luzon State University,Lungsod

Agham ng Muñoz,Nueva Ecija

bilang katuparan ng mga

panganagailangan para

sa kursong

BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA

Hunyo 2018

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang di- graduwadong tesina na ito na may pamagat na **PANANAW, KARANASAN, AT GAWI SA PAKIKIPAGATALIK: MGA KWENTO NG APAT NA MAG-ASAWA NA MAYROONG MASAYANG BUHAY-PAGTATALIK,** ihanda at ipinasa ni **CHERRELYN MALLARI DE GUZMAN** bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA** ay tinanggap at sinang-ayunan.

**ROBINSON Z. LUMUNTOD III**
Tagapayo

Petsa

**WAWIE DG. RUIZ**
Tagasuri

Petsa

**ANGELO R. DULLAS M.A**
Tagapangulo

6-14-18
Petsa

Tinanggap at sinang-ayunan bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA.**

**ANGELO R. DULLAS M.A**
Tagapangulo/Kaguruan ng Sikolohiya

6-14-18
Petsa

**RICH MILTON R. DULAY, M.Sc.**
Tagapangulo ng Pananaliksik

Petsa

**EVARISTO A. ABELLA, Ph.D.**
Dekano,Kolehiyo ng Agham at Sining

Petsa

## ANG MAY AKDA

Ako si Cherrelyn M. De Guzman, ipinanganak noong Setyembre 24,1994 sa Science City of Muñoz,Nueva Ecija at kasalukuyang naninirahan sa Brgy.Gabaldon,Science City of Muñoz,Nueva Ecija kasama ang aking mga magulang na sina Crisanto G. De Guzman at Marilyn M. De Guzman. Ang aking relihiyon ay Romano Katoliko. Ako'y nagtapos ng elementarya ng may karangalan sa Paaralang Elementarya ng Gabaldon taong 2007, nag-aral naman ako ng sekondarya sa Muñoz National High School at nagtapos noong 2011 at nang ako'y magkolehiyo napili kong mag-aral sa Central Luzon State University taong 2011 at aking unang kurso ay BsBiology ngunit tumagal lamang ako doon ng dalawang taon ,taong 2013 ako'y lumipat ng kursong BsEntrepreneur ngunit hindi rin ito nagtagal sa kadahilanang hindi ito ang aking natitipuhang tapusin ,at taong 2014 nagdesisyon akong lumipat ng kursong ABPsychology na kung saan ito na ang aking huling kurso at napapagtagumpayang tapusin ngayong Hunyo 2018. Habang nasa kursong ito ako ay nag Intern Trainee sa Mental Health Clinic sa PJG Hospital,Cabanatuan City noong Pebrero hanggang Mayo 2017. Marami din akong mga nalahukang seminar tulad ng 4$^{th}$National Psychology Research Congress, September 18, 2014, Research, Extension and Training (RET) CLSU, Science City of Munoz, Nueva Ecija, 1$^{st}$ Philosophical Forum: Human Rights, Violence and Philosophy, November 10, 2015, University Auditorium, CLSU, Science City of Munoz, Nueva Ecija, PEP TALK on "Gender Awareness and Sensitivity Program, November 19, 2015, CAS Little Theater, CLSU, Science City of Munoz, Nueva Ecija, 19$^{th}$ Psychology Congress, University Auditorium, Central Luzon State University,Science City of Muñoz, Nueva Ecija

*"I am not my thoughts, emotions, sense perceptions, and experiences. I am not the content of my life. I am the life. I am the space in which all things happen. I am consciousness. I am the now. I am."*

*-Eckhart Tole*

## PASASALAMAT

*"Many are the plans in man's heart, but it is the lord's purpose that prevails" –proverbs 19:21.* Lubos at nag-uumapaw ang aking pasasalamat sa mga taong naging bahagi ng aking pag-aaral na walang sawang nagbahagi ng kanilang kaalaman upang maging daan ito na matapos ang aking tesina, lalung-lalo na sa aking mga kalahok na mga mag-asawa na naninirahan sa Lungsod agham ng Muñoz, salamat po sa pakikilahok dahil ang aking tesinang ito ay naglalarawan ng inyong mga natatagong pananaw, karanasan at gawi sa pakikipagtalik na kapupulutan ng aral at manggigising sa mga taong sarado ang isip patungkol sa usaping pagtatalik.

Unang-una sa lahat lubos ang aking pasasalamat sa Poong Maykapal sa pagbibigay sakin ng katalinuhan upang mabuo ang pag-aaral na ito, sa kasipagan sa tuwing ako'y nawawalan ng gana sa pag-gawa at sa lakas ng loob upang tapusin ang aking nasimulan, gayundin po sa mga naging instrumentong inyong pinagkaloob upang ako'y may mapagkapitan upang maisakatuparan ang isa sa aking minimithing pangarap.

Para sa aking tagapayo Sir **Robinson Lumuntod III**, kulang po ang salitang salamat para sa inyo ngunit maging ganon pa man maraming salamat po sa di matatawarang payo na inyong ibinahagi upang mapaganda ang aking tesina , sa pagtitiis at sakripisyo nyo sa maikling panahon na ako po`y inyong pinayuhan upang maging makatotohanan ang pag-aaral na ito , sir lubos kop o iyong pinagpapasalamat.

Para sa aking tagasuri Sir **Wawie DG.Ruiz**,maraming maraming salamat po mga komento na inyong ibinigay upang lalong mapaganda ang aking pag-aaral at higit sa lahat

sa walang sawa nyong pagbibigay ng sarili nyong opinyon upang pagbutihin ko pa ang aking pag-aaral , salamat sir.

Ang aking kagalakan ay akin ding ipapaabot sa kaguruan ng Departamento ng Sikolohiya **Ma'am Bulanan, Ma'am Mylene, Ma'am Karen, Sir Javin, Sir Wawie, Sir Angelo, Ma'am Bessy** at higit sa lahat kay **Sir Nixon** , sa pamamahagi ng mga ideya, karanasan at higit sa lahat sa pagtanggap sa inyong departamento lubos kong naramdaman na ako'y kabilang sa pamilyang "Viva Sikolohiya".Maraming salamat sa loob ng tatlong taon sa inyong pagiging mabuti at epektibong guro para sa aming mga mag-aaral.

Para sa aking mga naging kapatid sa kapatirang **Tau Alpha Upsilon,**maraming salamat sa di matatawarang masasayang pangyayari na inyong ibinahagi sa aking buong buhay sa kolehiyo, higit sa lahat sa mga naging tunay kong kaibigan na sina **Reena, Keith at Janine** ,sa walang hanggang suporta sa isa't-isa, kayo ang akin g naging sandalan sa mga oras na hindi ko na alam ang gagawin ko dahil sa mga di inaasahang kaganapan sa aking buhay , sa mga payo , sa mga magaganda nating pinagsamahan , salamat sisters from another mother!

At higit sa lahat para sa aking buong pamilya , sa aking **Tatay** at **Nanay**, maraming salamat po sa pagbibigay nyo ng supporta at pagmamahal upang makayanan ko ang buhay sa kolehiyo at higit sa lahat sa aking nag-iisang kuya na syang dahilan ng lahat kung bakit ako patuloy na nagsusumikap sa buhay **Kuya Al,** salamat sa tulong pinasyal sa aking pag-aaral , sa mga payo mo at pagtyatyaga sa akin , sa tiwala mong ibinigay na makakaya kong makatapos , at sa pagiging mabuting kuya para sa akin , maraming salamat po at ikaw ang aking naging kuya .

Ang Mananaliksik,

-Cherrelyn Mallari De Guzman

# TALAAN NG NILALAMAN


| | PAHINA |
|---|---|
| PAMAGAT | i |
| DAHON NG PAGPAPATIBAY | ii |
| ANG MAY AKDA | iii |
| PASASALAMAT | v |
| TALAAN NG NILALAMAN | viii |
| LISTAHAN NG MGA APENDISES | x |
| ABSTRAK | xi |
| PANIMULA | 1 |
| Kahalagahan ng Pagtatalik sa Mag-asawa | 2 |
| Kasiyahan sa Pakikipagtalik | 2 |
| Pakikipagtalik bilang isang Gawi na dapat Ikasaya | 4 |
| Problema na Dulot ng Pakikipagtalik | 5 |
| PAGLALAHAD NG SULIRANIN | 9 |
| KONSEPTWAL NG BALANGKAS | 10 |
| METODO | 11 |
| Ang Disenyo ng Pag-aaral | 11 |

| | |
|---|---|
| Mga Kalahok | 11 |
| Ang Panukat | 12 |
| Paraan ng Pagkuha ng Datos | 12 |
| Pagsusuri ng Datos | 13 |
| RESULTA | 14 |
| Unang Kalahok | 14 |
| Pangalawang Kalahok | 21 |
| Ikatlong Kalahok | 29 |
| Ikaapat na Kalahok | 36 |
| DISKUSYON | 43 |
| PAGLALAGOM | 49 |
| REKOMENDASYON | 51 |
| SANGGUNIAN | 55 |

# LISTAHAN NG APENDIS

Apendis

A Gabay na Kataungan 53

B Consent Letter 52

# ABSTRAK

**DE GUZMAN, CHERRELYN M.** Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya, Departamento ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Sining at Agham, Central Luzon State University,Lungsod Agham ng Muñoz,Nueva Ecija.**PANANAW,KARANASAN,AT GAWI SA PAKIKIPAGTALIK: MGA KWENTO NG MAG-ASAWA NA MAYROONG MASAYANG BUHAY PAGTATALIK.**

**Tagapayo: Robinson Z. Lumontod III**

Isang kwalitatibo ang pag-aaral na ito na naglalayong pag-aralan ang pananaw, karanasan at gawi sa pakikipagtalik ng mga mag-asawa na mayroong masayang buhay-pagtatalik. Ang mga kalahok ay mga piling mag-asawa na naninirahan lamang sa kabuuan ng Lungsod Agham ng Muñoz, Nueva Ecija na nasa edad dalawampo(20) at hanggang limampong(50) taong gulang.Nakipagkwentuhan ang mananaliksik sa mga kalahok kung saan *thematic analysis* ang ginamit sa pagsusuri ng datos.

Lumabas sa pag-aaral na ito na ang mag-asawa na mayroong masayang buhay-pagtatalik ay nakakaranas ng mga positibong epekto ng pagtatalik.Sila ay nakakaramdam ng kasiyahan,pagmamahal at pagkakuntento sa kanilang asawa. Bukod pa ditto lumabas din sa pag-aaral na ang pakikipagtalik ay ayon dapat sa parehong kagustuhan ng mag-asawa, ito ay hindi sapilitan bagkus kusang loob na ibinibigay upang mas maligayahan ang isa't-isa.

## Rekomendasyon

**Para sa mga kalahok:** Mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga mag-asawa na may masayang buhay-pagtataliksapagkat magbibigay daan ito upang malaman ng iba na ang pakikipagtalik ay hindi malaswang gawain lalo na sa mag-asawa bagkus magbibigay pag-asa ito sa mga mag-asawa na nawalan na ng gana sa pakikipagtalik.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga para sa mga mag-asawa na naging kalahok sapagkat sa pamamagitan ng pag-aaral na ito makakalaya ang mga itiatagong saloobin ukol sa pananaw, karanasan at gawi sa buhay-pakikipagtalik ng mga mag-asawa.

**Para sa mga Taga-gabay:** Inirerekomenda ng mananaliksik na gabayan at lingapin ang mga mag-aaral na magkaroon ng positibog pananaw sa mga bagay at pangyayari na maaari nilang marinig sa mga mag-asawa parungkol sa kanilang buhay-pagtatalik.

**Para sa mga Susunod na Mananaliksik:** Maari ring tingnan ang pananaw, karanasan at gawi ng mag-asawa na nawala ng gana sa pagtatalik at mas minabuti nalang muna unahin ang trabaho at mga anak upag maihayag din ng mga mag-asawang ito ag kanilang saloobin sa pakikipagtalik.

**Para sa mga Mambabasa:** Inirerekoomenda ng mananaliksik ng pag-aaral na ito para sa lahat ng mambabasa lalo na sa mga katulad nilang may masayang buhay-pagtatalik upag bigyang linaw at maunawaan ang natatagong damdami at karanasan ng mga mag-asawa. Kapulutan sana ito ng aral at kaalaman ng mga kagaya nilag hayok sa pakikipagtalik huwag ikahiya ang pagkakaroon ng pagtatalik sa asawa bagkus maki-ugnay sa mga pangkaraniwang mag-asawa at magkaroon ng positibong pananaw sa buhay.